

1

“Kelly!” sabik na sigaw ni Paula Chua habang nakikipagsiksikan sa mga tao sa lobby ng *Ninoy Aquino International Airport*. “Heto akech!” kaway nito sa matalik na kaibigan na kasalukuyang naghahanap ng sundo sa gitna ng kasikipan.

“Paula?” lingon ni Kelly sa pinagmulan ng tinig.

Nang sa wakas ay naabutan siya ni Paula ay nagyakap sila nito. “Kamusta ka na?” tanong nito.

“Mabuti.” Hinalikan niya ito sa pisngi. “Na-miss kita.”

“Ang drama mo, ha? Para dalawang buwan ka lang nawala.”

Tiningnan na lamang ni Kelly ang kaibigan. Wala pa rin itong ipinagbago. Maganda ang hubog ng katawan nito. May taas na five-four and a half; mga sampung sentimetro pa ang kailangan para mapantayan siya nito. Magaganda ang hugis ng pinaretoke nitong ilong at bibig. At ang mga mata, halos hindi na makita dahil sa kasingkitan at haba ng false eyelashes na suot nito. Ang lahat ay napapaligon dito. Hindi dahil sa sobrang ganda nito

kundi sa pagtataka kung bakit may Adam's apple ang isang babae. Kung tititigang mabuti si Paula at pakikingan itong magsalita, saka na lamang malalaman na bakla ito.

“Ikaw talaga!” sabi niya, sabay batok dito. “Kararating ko lang, iyang pagtataray mo ang isasalubong mo sa akin?”

“Well, it's part of my charm! Inggit ka lang. Palibhasa, hindi ka bakla.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Sabi na nga ba't hindi na dapat ako nagpasundo sa iyo,” sabi niya. “Lalaitin mo lang ako.” Kunwari ay iiwan niya ito. “Nasaan ba ang hintayan ng taxi at magtse-check in na lang ako sa hotel.”

Hinaltak siya nito. “Heto naman,” parang batang sabi nito. “Hindi ka na mabiro. Alam mo naman na na-miss kita nang husto.” Niyakap siya nito nang mahigpit. “Sino ba naman ang hindi makaka-miss sa beauty na iyan?” turo nito sa mukha niya. “Ika nga nila, you look like a model who stepped out of a fashion magazine! O, di ba?” Tinitigan siya nito. “Oo nga pala, may ginagamit ka bang bagong line of skin care? Blooming ka yata ngayon?”

“Sipsip!” kurot niya sa tagiliran nito.

“Aray!”

Tulad nga ng isang modelo si Kelly—may taas na five-eight at maganda ang hubog ng katawan kaya maraming nabibighani sa kanya. Maraming nag-aakala na twenty years old pa lamang siya, minsan mas bata pa pero ang totoo ay twenty-eight na siya. Pinung-pino ang kanyang hitsura. Malambing kung makatingin ang kanyang mapupungay na mata; matangos ang kanyang ilong at mapula ang hugis-puso niyang labi. At kung ngumiti siya, parang lalong umaaliwalas ang kanyang mukha.

Marami nang talent scouts ang lumapit sa kanya upang kunin siyang modelo o artista ngunit tinanggihan niya ang mga ito dahil hindi niya hilig ang showbusiness. Isa pa, para sa kanya ay walang challenge sa pagmomodelo o pag-aartista dahil hindi iyon nangangailangan ng utak. Basta marunong mag-project at mag-memorize, puwede na.

Matalino si Kelly. Nagtapos siya bilang *magna cum laude* sa kursong Communications Research sa isa mga pinakatanyag na unibersidad sa Pilipinas. Kumuha rin siya ng Business Management sa America at nagtapos bilang *cum laude*. Siya iyong tipo ng tao na madaling mayamot kapag hindi nag-iisip. Halos isang perpektong tao na si Kelly Ceres. Nasa kanya

na ang lahat ng ninanais ng tao—salapi, ganda at utak kaya maraming nagtataka kung bakit hindi pa siya nag-aasawa.

“Ano? Tatayo na lang ba tayo dito o iuwi mo ako?” paalala niya sa kaibigan.

Sumaludo ito sa kanya. “Iuwi ko na po kayo, Señorita!” biro nito. “Asaan ang mga bagahe mo’t ipapabuhat ko na sa driver. Pero,” sabi nito, sabay ngiti sa kanya na tila nanlalambing, “daan muna tayo sa *Duty Free*, ha?”

Nagtaas siya ng kilay. “Oo na, sige. Naku! Kung hindi lang kita mahal.”

“Ayan, gusto ko iyan,” turo ni Paula sa saleslady ng *Duty Free*. “Tingnan mo nga ito, Kelly. Bagay ba sa akin ang ganitong eyeshadow?”

Hindi pinansin ni Kelly ang tanong ng kaibigan. Nakatutok ang kanyang tingin sa isang batang babae na hatak-hatak ang isang makisig na lalaki. Napangiti siya.

“Iyon! Iyon! Gusto ko iyon!” turo ng bata sa isang malaking stuffed toy na oso. “Bili mo sa akin iyon!”

“Sabihin mo kay Lola,” mahinahong sabi ng

lalaki.

“Sige na!” pilit ng bata.

“Kelly, narinig mo ba ako?” ulit ni Paula. Hindi pa rin ito pinansin ng kasama. Sinundan nito ang titig ng dalaga at nakita ang batang nagtuturo. “Hus! Nakakita na naman po ng bata.”

“Halika, punta tayo kay Lola, ha?” Binuhat ng lalaki ang bata. “Sabihin mo sa kanya na gusto mo’yung teddy bear.”

Biglang umiyak ang bata. “Gusto ko iyon!” tili nito.

Umiling si Paula. “Hay! Mga bata nga naman ngayon. Mga spoiled brats.”

Mahinahon pa rin ang tinig ng lalaki. “Don’t cry. Paalam ka muna kay Lola.”

Tuloy pa rin ito sa pag-iyak.

Nakaramdam ng matinding awa si Kelly. “Sandali lang, Paula, ha?” paalam niya at tuluyan nang iniwan ang kaibigan.

“Hoy! Saan ka pupunta?” habol nito.

Nilapitan ni Kelly ang umiiyak na bata. “Hello,” malambing niyang bati rito. “Why are you crying?”

“G-gusto kasi n’ung laruan,” nahihiyang sabi ng lalaking kasama nito.

Napatingin si Kelly sa lalaki. Matipuno ito. Mukhang nagpupunta sa gym para mag-workout. Matangkad din; may taas na five-eleven. Makinis ang kayumangging kutis nito.

“G-ganoon ba?” Nginitian niya ito. Ngumiti rin ito at hindi maiwasan ni Kelly ang titigan ang maliit na biloy nito sa kanang pisngi. Tumingin siya sa bata. “Ano’ng gusto mo?”

Itinuro ng bata ang stuffed toy.

Tumayo siya at inabot ang laruan. “Ah! Kaya pala umiiyak, eh.” Hinarap niya ang laruan sa bata. “Heto ba’ng gusto mo?”

Tumango ang bata.

“Sige, ibibili ko sa iyo ito basta titigil ka na sa pag-iyak.” Tumango ang bata. “Ang bait naman!”

Nagulat ang lalaki sa narinig. “Naku, Miss! Huwag na.”

“It’s okay. Laruan lang naman, eh.” Kinuha niya ang bata mula sa mga bisig ng lalaki. “Halika, bayaran na natin ang teddy bear mo.”

Namula ang lalaki. “Miss, nakakahiya naman sa inyo. Huwag na. Sa lola na lang niya—”

Tumingin siya sa lalaki at nginitian ito. “Please, I insist,” pilit niya. “Ngayon lang naman. Baka hindi ko na makita itong anak mo.”

Tumindi ang pamumula nito. “Pamangkin ko,” pagwawasto nito. “Anak siya ng kapatid ko.”

“Sorry.”

Pumunta sila sa cashier at kaagad niyang binayaran ang laruan. “Ayan, may bagong laruan ka na,” sabi niya sa bata. “Ano’ng pangalan mo?”

“Ginger po.”

“Ang ganda naman ng name mo,” sabi niya, sabay bigay ng laruan sa bata. “Enjoy your toy.” Hinalikan niya ito sa pisngi.

Kaagad na dinukot ng lalaki ang pitaka nito. “H-here, let me refund your money.” Naglabas din ito ng calculator. “Magkano ba ang dollars ngayon?”

“Please, hindi kailangan,” tanggi niya.

“Nakakahiya naman sa inyo.” Dumukot ito ng limang daan sa wallet. “Heto, kunin n’yo na ’to.” Ibibigay na sana nito ang pera subalit nabigla na

Nawala Ka Na Sa Akin - Hanna LaVilla

lamang ito nang makitang na wala na ang dalaga sa harap nito. “Miss?”

2

Dumeretso sa *Red Ribbon* sina Kelly at Paula para mananghalian.

Naninibago si Paula sa mga ikinikilos ng kaibigan pero hindi nito matiyak kung bakit. “Ang laking tuwa siguro ng batang iyon dahil napaaga ang dalaw ni Santa Claus sa kanya,” komento na lang nito.

Tumawa si Kelly. “Nakita mo ba? Ang gandang bata, ano?”

“Guwapo ’yung tatay, Bakla!” tili nito, sabay hampas sa kamay niya. “Ano’ng pangalan n’un?”

Nagkibit siya ng balikat. Napangiti siya nang pumasok sa kanyang isipan ang mukha ng lalaki. “Tito niya ’yun.”

“Baliw ka talaga! Ba’t hindi mo tinanong ’yung pangalan? Ikaw—” Natigilan ito nang may lumapit na waiter sa kanilang mesa at naglapag ng isang baso ng halu-halo. “Hoy, baka sumakit ang tiyan mo niyan!” babala nito. Ikatatlong baso na kasi iyon ni Kelly ng halu-halo. Mukhang hindi pa kontento sa dami ng kinakain, nag-order pa ito ng chocolate mousse. “Hindi ka ba kumain sa eroplano? Naku! Masisira

'yang figure mo, sinasabi ko sa iyo!"

"Ang sarap-sarap, eh," sabi niya, sabay tusok ng kutsara sa yelo.

Nagbuntunghininga na lamang ito. "So, how was the wedding nga pala? Wala ka pang ikinukuweto sa akin. Ni pictures, wala kang ipinapakita!" sita nito. "Sino'ng nag-design sa gown ng bride? Ewan ko ba sa inyo kung bakit hindi n'yo na lang sa akin ipinagawa ang design. Nakamura pa sana kayo."

"Gusto sana namin, kaya lang, gusto n'ung babae 'yung simpleng design na nakita niya sa bridal magazine," paliwanag niya.

Nagtaas ng kilay ang bakla. "Kaya ko namang gumawa ng simpleng design, ah! Anyway, ano'ng nangyari sa kasal?" usisa nito.

"Ayun, masaya—the usual things you'd expect in a wedding. Mukhang mabait naman ang napangasawa ng baby brother ko."

Napangiti si Paula. "Paano ba iyan? Naunahan ka pa ni Angelo," tukso nito. "In fact, all of your brothers and sisters are happily married. Kailan kayo ni Eric? Alam kong gusto na ni Eric na mag-settle down. Ikaw na lang yata ang hinihintay."

Natahimik na lamang siya sa tanong ng kaibigan. Iyon din ang parating itinatanong ng kanya ng mga magulang at apat na kapatid.

“You’re not getting any younger, you know,” paalala nito.

Hindi siya umimik.

Tinapik siya ni Paula sa kamay. “Hoy, Bru! Nakikinig ka ba? Seryoso akech, baka akala mesh!”

Tahimik pa rin siyang kumakain.

“Iha, twenty-eight ka na! Hindi biro iyan! Apat na taon na lang at wala ka na sa kalendaryo. Si Eric, wala na sa kalendaryo,” sermon nito. “Huwag n’yo naman sanang paabutin iyang pagka-single n’yo hanggang mawala na kayo sa lotto!” dagdag pa nito.

Tuluy-tuloy pa rin siya sa pagkain.

Itinaas ni Paula ang mga kamay sa ere na parang sumusuko na. “My God! I’m talking to a brick wall!” Tinitigan siya nito nang seryoso. “Don’t you want a family?”

Nagbuntunghininga siya. “Of course, I do. I want a family. I want to have kids of my own,” pahayag niya. “Sino ba’ng hindi?”

“O, ’yun naman pala, eh,” bulalas nito. “Ba’t hindi kayo magpakasal? Ang tagal n’yo na, ah!”

Biglang nawalan ng ganang kumain si Kelly. Hinawi niya ang kanyang pagkain at nagsimulang maglabas ng wet tissue para punasan ang mga kamay. “I don’t think I want to be with Eric for the rest of my life,” malungkot niyang sabi. “He’s not the ideal husband and father I had in mind.”

Napahugot ng hininga si Paula. “Kelly!” Hindi ito makapaniwala sa sagot ng dalaga. Pati ito ay nawalan na rin ng ganang kumain. “Diyos kech!” Nagkrus ito. “Huwag mong sabihing mauwi sa wala ang pitong taon ninyo? Ano ka? Naglalaro?”

“H-hindi.”

“Ano’ng ibig mong sabihin na you don’t want to be with Eric for the rest of your life?”

Hindi siya kumibo.

“Tbig mong sabihin, makikipag-split ka na sa kanya?” Nanlaki ang mga singkit na mata nito sa galit. “Hoy, Bru, makinig ka nga! Huwag mo ngang sirain iyang relasyon ninyo sa kalokohan mong iyan!” Kinatok siya nito sa ulo. “Hello? Anybody home?”

Itinulak ng dalaga ang kamay ng kaibigan.

“Mag-isip ka. Si Eric ang first love mo, ’tapos pakakawalan mo na lang iyan nang basta-basta? What’s wrong with him? Mayaman siya, guwapo, at....” Nag-isip ito nang matagal. “Well, conceited siya kung minsan kahit na walang binatbat pero mahal na mahal ka naman niya, eh.”

“He’s a scatterbrain, he’s disorganized and above all, he doesn’t like kids.”

“Mareremediyuhan naman iyan, eh. Kapag nagpakasal na kayo, magbabago iyan. Naku! You’re perfect for each other! Ikaw ang may-ari ng *Ceres y Mujer Advertising*, one of the best ad agencies in the Philippines. Solong-solo mo ang hacienda ng mga Mujer sa Ilocos. Si Eric naman ang tagapagmana ng farm ng mga Santillan sa Bacolod.”

Napailing na lang siya sa mga sinabi nito. “Magkaliwanagan nga tayo.” Huminga siya nang malalim. “Yes, I want to have kids. I want to have kids so badly na halos gusto ko nang angkinin ang lahat ng batang makasalubong ko. Handa nga akong magkaroon ng anak pero....” Huminga ulit siya nang malalim. “Hindi pa ako handang magpatali. Definitely not with Eric.”

Hindi na ito umimik.

“At kung si Eric ang mapangasawa ko, baka mabaliw ako kapag sinabi niyang pinandidirihan niya ang mga anak namin. Isa pa, huwag kayong mamroblema na hindi ako magkakaanak. I can afford to have children, as many as I want and whenever I want to.” Humalakhak siya.

Nakatunganga na lamang si Paula. “Ano’ng binabalak mo kay Eric? Paano kung biglang mag-propose sa iyo ’yung tao, ano’ng sasabihin mo?”

Tumigil siya sa pagtawa. “P-Paula,” nag-aalangan niyang sabi, “I’ve broken up with him already.” At bigla siyang humagulhol....

Sa isang magarang restaurant dinala ni Eric si Kelly. May mga tumutugtog ng piano at violin sa entablado. Mas naging romantic ang gabi dahil sa liwanag na galing sa mga chandelier.

“How do you like the place?” panimula ng binata.

“It’s beautiful, Eric,” walang kagana-gana niyang sabi.

Kinuha nito ang kanyang kamay at hinalikan iyon. “Kailan ang alis mo papuntang America?”

“Sa Sabado na.”

“Kailan ang balik mo?”

“Pagkatapos ng kasal, siyempre.” May panunuya sa kanyang tinig pero hindi iyon napansin ni Eric. Bumitaw siya sa pagkakahawak ng nobyo. “I’m hungry. Shall we order?”

“Sure.” Tumawag ito ng waiter. “Sabihin mo na lang kay Angelo, congratulations.”

Kinuha niya ang menu at hindi na umimik.

“Ano’ng gusto mo?”

Pagkakuha ng waiter ng order nila ay lumayo na ito.

Matagal na nanatiling walang-imik si Kelly. Patuloy lamang siya sa pakikinig sa mga kuwento ng nobyo tungkol sa bagong kotseng binili nito.

“Hanep sa power steering! Siguro mag-out-of-town tayo para ma-test drive natin.”

This is beginning to bore me! sa loob-loob niya.

“My friend was offering me his *Testarossa Ferrari*. Hindi ko nga binili! Ako? Bibili ng second-hand? Ano’ng akala niya sa akin?”

Pinilit niyang tumawa.

Sumeryoso ang mukha nito. “Ang ganda ng music, ano? Very romantic.”

Nagtaas ng kilay ang dalaga. *Haay, salamat! Nabago din ang usapan!* Sa loob ng maraming taon na pinagsamahan nila ni Eric, halos pare-pareho lang ang ginagawa nila tuwing lalabas sila para kumain. Magyayabang muna ang binata and then be mushy the next minute. Pagkatapos ay maglalabas ito ng red roses. Sawang-sawa na siya.

“I have something for you,” masayang pahayag ni Eric. Pumalampak ito at isang waiter ang lumapit na may dalang isang kahon ng pulang long-stemmed roses at ibinigay iyon sa dalaga.

Pinilit niyang ngumiti. “Thank you. They’re lovely.” *At least may ipinagbago. Nakalagay na sa kahon at hinatid ng waiter.*

“But not as lovely as you.”

Nangilabot ang buong katawan niya. *God! I can’t wait to get out of here!* Gayunman, kalungkutan at matinding panghihinayang ang naramdaman niya. *What went wrong?* tanong niya sa sarili. Marami silang pagkakaiba ng nobyo pero hindi iyon naging hadlang sa relasyon nila noon.

Naramdaman niya ang kamay nito na humaplos

sa kanyang pisngi. *The magic's just not there anymore.* Kaagad siyang lumayo. “Eric, may gusto sana akong sabihin sa iyo....” simula niya nang bigla silang nakarinig ng ingay mula sa kabilang mesa.

Napangiti si Kelly nang makita ang isang batang lalaki na hinahampas ng kutsara ang pinggan. Paulit-ulit na sinabihan ito ng ina ngunit hindi pa rin ito tumigil sa pag-iingay.

“Look at that little monster,” iling si Eric. “Kung ako siguro ang magulang niyan, I’d give him a good spanking.”

Napatingin siya sa nobyo. “Eric!”

“Well, he deserves it.”

“Ano ka ba? He’s only a kid.”

Sumimangot ito. “Nandito tayo para magsaya. Let’s not mind them.” Inabot nito ang kamay niya at hinalikan. “Happy Anniversary, Darling.”

“Happy Anniversary,” walang-buhay niyang sagot.

“May malaking sorpresa ako sa iyo.” Naglabas itong isang maliit na kahon at binuksan iyon. Isang makinang na singsing ang hinarap nito sa kanya. “Will you marry me?”

Namutla si Kelly. “Ano?”

Tumawa ito. “I’m asking you to be Mrs. Eric Santillan.”

Bumitaw siya ulit mula sa pagkakahawak nito. *This can’t be happening!*

“I think it’s about time that we get married, don’t you think?”

“Huh?”

“Tamang-tama. Pupunta ka sa America para sa kasal ng kapatid mo. The whole family will be there. You can tell them about our wedding plans.” Halatang-halata sa mukha nito ang pagkasabik. “Tiyak na matutuwa sila when they hear the news that we’re finally getting married.”

“Ha?”

Pinagmasdan nito ang mukha ni Kelly at saka ito tumawa. “Ano? Nasorpresa ka, ’no? Isn’t it exciting? We’ll live happily ever after.”

“But you hate kids, Eric,” mahina niyang sinabi.

“Kelly,” inabot nito ulit ang kanyang mga kamay, “wouldn’t it be better if it was just the two of us? Makakapag-concentrate tayo sa ating mga career.

Mas gaganda ang buhay natin. Come on, we don't need kids. Pampagulo lang ang mga bata. You don't want to have kids, do you?"

Nagsimula nang magluha ang kanyang mga mata. "Eric, I *adore* kids. And I really do believe that I need children."

Nakatawa pa rin ito. "Siguro, saka na lamang natin pag-usapan ang tungkol sa mga anak. Matagal pa naman 'yon." Kinuha nito ang singsing mula sa kahon. "Will you marry me, Kelly?"

Hindi na siya nagdalawang-isip. "No."

Nanlaki ang mga mata nito. "What!"

"I'm sorry, Eric."

"Dahil ba sa hindi tayo magkasundo tungkol sa mga anak?"

Umiling siya kahit na totoong isa iyon sa mga dahilan. "Hindi pa ako handa." Hindi na niya napigilan ang pag-agos ng kanyang mga luha. "In fact, I was just about to break up with you."

"Kelly—"

"Goodbye, Eric." Tumayo siya at hinalikan ito sa noo. "I'm sorry." Tinalikuran niya ito at umalis na.

3

Mainit ang ulo ni Brent Reyes nang pumasok sa kanyang itim na *Mitsubishi Lancer*. Pabagsak niyang isinara ang pintuan niyon. *Buwisit na buhay ito!*

Pakiramdam niya ay iyon na ang pinakamalas na araw sa buong buhay niya. Nag-umpisa noong umagang na-flat ang kanyang gulong kaya nahuli siya sa kanilang board meeting. Pagkatapos ay nag-back out sa deal ang kliyente na matagal nang hinahabol ng *DATA Computer Company*, ang kompanyang pinagtatrabahuhan niya. Lalo pang sumama ang araw nang sabihin ng kanyang nobya na aalis ito papuntang Mindanao dahil na-promote ito sa trabaho nito sa isang blue chip company...

“Ba’t kailangan mo pang ma-destino sa Mindanao? Ang layu-layo n’on!” reklamo ni Brent kay Bianca habang naghahapunan sila.

“Eh, doon nila kailangan ng tao,” mahinahong paliwanag nito.

“Bianca naman. Dito ka na lang. Maayos naman ang suweldo mo ngayon, hindi ba?”

“Mas malaki ang magiging suweldo ko kapag tinanggap ko ang promotion. It’s a good break for me,” pakiusap nito. “Pagbigyan mo naman ako.”

Umiling siya. “Iwan mo ako dito? Hindi puwede.”

“Brent, be reasonable. Sayang ang opportunity.”

“Hindi mo naman kailangan ng malaking suweldo!” sigaw niya. “Nagtatrabaho naman ako. Ipagsama mo ang annual income nating pareho, kaya nating sumuporta ng tatlong anak.”

“Brent—”

Hinawakan niya nang mahigpit ang malalambot na kamay ng nobya. “Huwag mo naman akong iwan,” pakiusap niya. “Kung kailan tayo nagpaplanong magpakasal, saka ka lalayo. Baka maudlot pa.”

Tumahimik na lamang ang babae. May kalungkutang bumalot sa magandang mukha nito. “Tinanggap ko na ang trabaho at bumili na ako ng ticket,” pagtatapat nito. “Pagkakataon ko na ito.”

“Paano ang kasal?” malungkot niyang tanong.

Hinalikan siya nito sa pisngi. “The wedding can wait. Ba’t ka ba nagmamadali? Bata pa naman tayo.”

“Bianca, tumatanda na tayo. Dalawang taon na

lang, wala na ako sa kalendaryo,” sabi niya. “Lahat ng mga kapatid ko’y may mga asawa na. ’Yung bunso namin, anim na ang anak.”

Tumayo na ito. “Diyos ko! Eh, eighteen pa lang iyang kapatid mo, nakabuntis na!” Nagsimula na itong magligpit ng pinagkainan. “At saka, ba’t ka naiinggit doon? Tingnan mo nga ang buhay ni Thomas ngayon, kada kailangan ng gatas ng anak, kailangan pang tumakbo sa nanay mo para humingi ng pera.” Umiling ito. “Ayoko ngang maging ganoon. Ayusin muna natin ang buhay natin ngayon para handa tayo. We have to be financially stable, magkaroon ng sariling bahay at sariling negosyo para wala tayong problema.” Tumingin ito sa mukha niya, nilapitan siya at saka kumandong. Pinaglaruan nito ang maitim niyang buhok at hinalik-halikan siya. “Babalik naman ako,” paglalalambing nito.

“Siyanga pala,” pagpapatuloy nito. “Sinabi ko na kay Nathan na ipu-pull out ko ang mga gamit ko sa kabilang kuwarto para maiparenta niya. Nagiging tambakan lang naman ’yun ng kalat ko at sa kuwarto mo naman tayo natutulog.” Niyakap siya nito nang mahigpit. “Sayang naman ang pinambabayad natin, hindi naman nagagamit nang husto, di ba?” Wala itong nakuhang sagot mula kay Brent. “That way, kalahati na lang ang babayaran natin, may ibang

makikinabang sa kuwarto at may kasama ka dito habang wala ako. Don't you think that's a good idea?"

Lalong uminit ang ulo ni Brent sa sinabi ng nobya pero hindi na siya umimik. Itinulak niya ito at saka tumayo.

"Ano ka ba?" inis nitong tanong.

"Saka na nga natin pag-usapan ito. Magpapahangin muna ako." At tuluyan na niya itong tinalikuran.

Hinampas ni Brent ang manibela ng kanyang sasakyan sa galit. "Buwisit na buhay 'to!" Dinampot niya ang cellular phone at tinawagan ang matalik na kaibigan na kasalukuyang nasa Laguna. Tatlong beses nag-ring ang telepono bago iyon sinagot. "Hello? Nathan?"

"Sino ito?"

"Pare, si Brent ito. Punta ako diyan ngayon."

Nagulat si Nathan sa narinig. "Biglaan yata. Nag-away kayo ni Bianca, ano?"

Hindi siya sumagot.

"Okay lang. Sige, ipapahanda ko na ang isang kuwarto dito."

“Salamat, Pare.”

“Sure.”

Pinatay ni Brent ang telepono at lalong binilisan ang takbo ng kotse. Gabi na naman kaya walang masyadong sasakyan sa kalsada. Nilakasan niya ang radyo at nagsimulang kumanta.

Sa Lunes na ang flight ni Bianca papuntang Mindanao kaya balak niyang tumuloy muna sa resort ni Nathan hanggang Lunes ng umaga. Sa gayon, maiiwasan ang pagtatalo nila ng nobya. Mahal na mahal niya ito kaya hindi niya matiis na malayo ito sa kanya, lalo na at nagbabalak na silang magpakasal. *Ano iyon? Uuwi raw siya sa araw ng kasal namin 'tapos babalik ulit sa Mindanao? Hindi puwede iyon!* sabi niya sa isip.

4

Katatapos lang maligo ni Kelly nang hapong iyon ng Sabado. Umikut-ikot siya sa malaking bahay ni Paula para tingnan kung may bago na naman itong ginawang arrangement doon. “Aba, himala! Walang ipinagbago,” sabi niya sa sarili.

Ugali kasi ni Paula na ibahin ang ayos ng bahay kada buwan dahil madali itong magsawa. *Tinamad siguro*, sabi niya sa isip. Nang umabot siya sa sala ng bahay ay nakita niyang nagkalat ang lukot na mga diyaryo roon at nakatagilid ang mga upuan.

“Si Paula talaga,” naiirita niyang sabi at saka niya sinimulang ligpitin ang kalat.

Pagkatapos mag-ayos, patuloy siyang naglakad hanggang sa makapasok sa boutique. Napansin niya ang isang mannequin na nakatayo sa isang sulok. Nakasuot ito ng isang napakagandang wedding gown. Daig pa niyon ang wedding gowns na nakita niya sa bridal magazines sa States.

Gawa sa mamahaling seda at piña ang damit. Mahaba ang mga manggas nito na may nakaburdang silver sequins at maliliit na perlas. Mababa ang

neckline nito at hapit ang bodice. Siguradong lalabas ang ganda ng katawan ng magsusuot niyon.

“So, nakita mo na pala ang aking latest creation,” bungad ni Paula sa kaibigan. “Hindi pa tapos iyan.”

“Ang ganda naman!”

“Gagawin ko pa ang train niyan at ’yung veil. Pati ’yung sapatos, ako ang magde-design. May mga mother pearls pa akong ilalagay diyan.”

Nanlaki ang mga mata ni Kelly. “Mother pearls?” ulit niya. “Ang yaman naman ng kliyente mo.” Hinawakan niya ang tela ng damit. “Magkano ito aabutin?”

Lumapit ito sa kanya. “Six figures,” bulong nito. “Wala pa ang mga mother pearls.”

Napatunganga siya sa gulat. “Ano?”

Tumango ito.

“Kanino ba ito?”

“Walang may-ari niyan,” sagot nito. “Ipapasok ko sa pinakabonggang fashion show—fashion show of the century, ’ika nga.”

“Saan at kailan naman ’to?” taas-kilay niyang tanong.

Nagkibit ito ng balikat. “Ewan kech. Wala pa akong balita. “Pero talagang pinaghahandaan ang show na ’yon kaya the best line of clothes ang ipapasok kech!” Itinaas nito ang noo. “Aba! Kabog to death na lang sina Versace, Christian Dior, Coco Channel, Calvin Klein at iba pang European designers.”

Taas talaga ng pangarap ng baklang ’to! natatawang sabi ni Kelly sa isip.

Tinapik siya nito sa balikat. “Uy, ikaw naman ang rumampa nito,” paglalambing nito.

“I’m sorry, Dear, but modelling isn’t my cup of tea.”

“Heto naman! Ngayon lang, eh.” Tumalikod ito na parang nagtatampo. “Ikaw lang kasi ang taong naisip ko na makakapagbigay ng justice dito.” Muli itong humarap sa kanya. “Sige na,” pilit nito. “Maglalakad ka lang naman, eh.”

“Eh, kung bigla akong matisod?”

“Kaya mo iyan,” pangungumbinsi nito. “Para ma-recognize naman akech. Siyempre malaking bagay din ang modelo.”

Napailing siya. “Sige na nga,” pagkuwa’y pagbibigay niya rito.

“Aaaaay!” tili nito. “Talaga?” Niyakap siya nito at pinaghahalikan. “Ang bait-bait mo talaga! Kabog na talaga ang mga nagmamagandang designers na iyan kapag nakita ang maganda kong kaibigan na rumarampa!”

“Kailan ba ito?”

“Ang pictorials ay dalawa o tatlong linggo bago ang show,” sabi nito. “Pero, ’yung mismong palabas, hindi ko pa alam.”

“Ngayon lang ito, ha!” paalala niya.

“Oo na. Hayaan mo, bibigyan kita ng talent fee,” alok nito.

“Huwag na,” tanggi niya. “Basta kung may biglang mangyari, mapatrabaho o personal, at kinailangan kong mag-back out, maghanap ka ng puwedeng alternate ko.”

“Opo, Señorita!” maarteng sagot nito. Kapagdaka ay may bigla itong naalala. “Ay! Kamuntik ko nang makalimutan! May bahay na akong nakita na puwede mong upahan.”

“Basta!” sagot ni Paula nang usisain ito ni Kelly habang kumakain sila ng hapunan. “Fully-furnished

'yon. Tatlong bedrooms. Dalawa sa taas at parehong may air-con. May banyo na nagko-connect sa dalawang rooms. Ibig sabihin, kung bigla kang magbalak na magkaroon ng slumber party sa bahay, kailangan mong i-lock 'yung pintuan ng banyo para sa kabilang kuwarto. Mamaya, habang naliligo ka, biglang pumasok ang kasama mo sa bahay. Maka-sight pa iyan sa katawan mo! Aaaaaay! Nakakatakot iyon, Bakla!" tili nito, sabay hampas sa balikat ni Kelly.

"Nasa baba 'yung isang kuwarto pero walang air-con iyon. Bagay na maids' quarters," patuloy nito. Hinampas siya nito sa kamay. "Ikaw talaga, hindi kita maintindihan. Puwede ka namang bumili ng sariling bahay, ba't ka pa uupa? May bahay naman ang pamilya n'yo sa Makati at sa Quezon City—"

"Nabenta na nga ang mga iyon, di ba?" paalala niya.

"Oo nga, ano? Eh, kung dito ka na lang?"

"Ayoko. Ang kalat-kalat mo. Baka awayin lang kita."

"Bahala ka. Hindi ko talaga maintindihan 'yang mga trippings mesh!" Nagkibit ito ng balikat. "Kunsabagay, maganda ang ambience sa village na iyon. Parang neighborhood sa California ang

landscape at napakabait ng mga tao. Mas maganda kaysa sa neighborhood n'yo dati! Pulos snob ang mga tao sa inyo, eh.” Tinapik siya nito sa kamay. “Alam mo, kapag nagustuhan mo, baka puwedeng pakiusapan ang may-ari na ibenta 'yon sa iyo.”

“Tingnan natin.”

“Bueno, kailan tayo fa-fly para makita ang bahay?”

Nakakatatlong baso na ng lambanog si Brent. Nagsisimula nang manlabo ang kanyang paningin at hindi na siya tuwid magsalita. Matindi na ang pamumula ng kanyang mukha.

Pinagmasdan na lamang ni Nathan ang kaibigan mula sa sala. Ilang beses siya nitong sinubukang pigilan pero hindi siya nakinig. Hindi pa naman siya sanay uminom ng alak.

“Pareh,” tawag niya mula sa balkonahe. “Halikah, shabayan mo akoh!”

Lumapit si Nathan sa kanya. “Brent, tama na iyan. Malakas ang tama niyan.” Pinilit nitong kunin ang baso pero itinulak niya ito. “Pare, lasing ka na.”

“Hindeh akoh lashing. Kayah koh pah....”

“Tama na. Masama ’to sa iyo.” Sapilitan nitong kinuha ang bote ngunit mabilis iyong inagaw ni Brent.

“Shahbhing kayah koh pah!”

“Bahala ka!” galit na nitong sabi at saka naupo sa isang sulok. “Ewan ko ba kasi sa iyo kung bakit ayaw mong payagan si Bianca. The least thing that she needs from you now is your whining,” sermon nito. “Ba’t mo kasi minamadaling magpakasal ’yung tao? Mamaya, hindi pa pala siya handa.”

Biglang tumawa si Brent na parang nababaliw na. “Pahreeh, kung hihintayin ko pang maging treinta y shincoh akoh bagoh magpatali, baka uugod-ugod nah akoh, bago pah makatapos ng elementary ang panganay koh! Bakah nga patay na akoh.” Pinuno niya ulit ang baso at nilagok ang laman niyon. “Ikaw, minshan, hindi kah nag-iiship!”

Ang lakas na nga ng tama nito! Tumayo si Nathan mula sa inuupuan at pilit na kinuha ang bote at baso ng kaibigan. “Pare, tama na nga iyan. Matulog ka na.”

“Bitawan moh nga akoh!”

Nawalan na ito ng pag-asa. Pumasok ito sa sala at inabot ang telepono. “Tatawagan ko na si Bianca,” banta nito. “Magagalit ’yon kapag nalamang umiinom ka.”

Nawala Ka Na Sa Akin - Hanna LaVilla

Tumawa siya nang malakas. Lumapit siya sa may pintuan at halos madadapa na. “Walah iyon sha bahay ngayon, shiguradong may deshpedida para sha kanyah ang mga kaibigan.” Suminok nang ilang beses si Brent bago tuluyang natumba.